Agosto 3, 2018

Sa mga: Hepe ng CID
Puno ng mga Piling Paaralang Elementarya
Sa iba pang kinauukulan

Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika, ang BulSu Sentro ng Wika at Kultura ay nag-aanyayang dumalo sa Tertulyang Pangwika 2018 – Kolokyum: Presentasyon ng Multidisiplinadong Saliksik sa Filipino na gaganapin sa Agosto 24, 2018, ika-1 hanggang ika-5 ng hapon sa BulSU Bulwagang Valencia, Lungsod ng Malolos.

Layunin nito na mabigyan ng karagdagang kaalaman ang mg guro sa elementarya, sekondarya at tersarya sa larangan ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino. Ito po ay libre sa lahat ng nais dumalo.

Kaugnay nito, ang Tanggapang Pansangay ay inaanyayahan ang bawat sumusunod na distrito na magpadala ng dalawampung (20) guro sa Filipino:

| | |
|---|---|
| Calumpit North | Plaridel |
| Calumpit South | Paombong |
| Guiguinto | Hagonoy |

Ipinapaalala sa mga punong-guro ng mga distritong nabanggit na ang mga gurong mapipiling dumalo sa gawaing ito ay dapat may kahalili sa pagtuturo upang hindi mabawasan ang oras ng pagtuturo o teacher-pupils contact hours.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot sa Paglalakbay ng mga dadalo.

Inaasahan ang inyong pakikiisa sa pabatid na ito.

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed. D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

LIHAM PANSANGAY
Blg. , 165 s. 2018

Bulacan State University
**SENTRO NG WIKA AT KULTURA**
Unang Palapag, Gusaling Integrated
Lungsod ng Malolos

DepED - Bulacan
RECEIVED
JUL 11 2018
2582

11 Hulyo 2018

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed.D., CESO V**
Superintendente, Kagawaran ng Edukasyon
Lalawigan ng Bulacan

**Mahal na Superintendente:**

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng wika, ang BulSu Sentro ng Wika at Kultura ay mag-oorganisa ng **Tertulyang Pangwika 2018- Kolokyum: Presentasyon ng Multidisiplinaryong Saliksik sa Filipino** na gaganapin sa 24 Agosto 2018, ika-1 hanggang ika-5 ng hapon sa BulSU Bulwagang Valencia, Lungsod ng Malolos. Layon ng proyektong mabigyan ng karagdagang kaalaman ang mga guro sa elementarya, sekondarya at tersarya sa larang ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino.

Kaugnay nito, ay nais naming ipaabot sa inyo ang aming taos pusong paanyaya sa lahat ng guro sa Filipino sa Bulacan. Ito po ay libre para sa lahat ng mga nais dumalo. Makipag-ugnayan lang po sa aming tanggapan o tumawag sa numero ng telepono 0923-4340935 / 0925-5272803

Kalakip po nito ang programa para sa inyong karagdagang impormasyon.

Maraming salamat sa palagiang pagsuporta, at hinihiling po ng Sentro ang malawakan at mabilisang desiminasyon ng paanyayang ito.

Lubos na gumagalang,

**GERALDINE S. CHUA**
Direktor, Sentro ng Wika at Kultura

# *Tertulyang Pangwika 2018*

## Kolokyum: Presentasyon ng Multidisiplinaryong Saliksik sa Filipino

**BulSU Valencia Hall**

**24 Agosto 2018**

**1:00 - 5:00 nh**

*Dr./Gng./Bb./G.* ______________________________

# TERTULYANG PANGWIKA 2018: KOLOKYUM

I. Pambungad na Panalangin

II. Pambansang Awit

III. Panimulang Mensahe — **Dr. Teody C. San Andres**
*Pangalawang Pangulo-Ugnayang Panlabas na Pamamalakad*

IV. Pagpapakilala sa mga Risertser

**Dr. Elimar Cedric A. Ravina** - Analisis sa Wika ng Araling Kompyuter: Tungo sa Pagbuo ng isang Modelo sa Lexical na Elaborasyon (Lexilaborasyon) sa Filipino ng mga Termino sa Disiplina.

V. Pampasiglang bilang

**Prop. Magdalena Jocson** - Isang Pagtatangkang Semantikang Pagsasalin sa Filipino ng Sangguniang Aklat na "A Teachers Guide to Classroom Research" ni David Hopkins

VI. Malayang Talakayan — **Mary Deane Camua**, *Tagapagdaloy*

VII. Paggagawad ng Sertipiko ng Pagkilala — **Gng. Geraldine S. Chua,** *Director, SWK*

VIII. Pangwakas na Mensahe — **Gng. Maria S. Bulaong,** *Dekana, KAL*

**G. Manolito G. Mata**
Guro ng Palatuntunan